

VIDEO TRANSCRIPT

Q: Nakatago ang iyong pangalan at mukha so, ibubluur namin ito. Tama ba na kakauwi mo lang galing sa Cambodia?

MILES: Opo kakauwi ko lang po nung January 16

Q: January 16, anong pwede mo pang ikwento kung ano yung eksaktong ginawa mo doon?

MILES: Nagkaroon po ako ng trabaho po doon which is ang pinasukan pala namin ay scammer sa US po ayun po

Q: Kwento mo paano ka nang-s-scam? Ano ung nature ng scamming?

MILES: Ang nature po ng pangsscam namin ay nagsesend po kami ng wrong text message sa mga american and then after po kapag nakapagsend na kakaibiganin po namin sakaling magreply po sila.

Q: Okay so sino dito yun yung mga parang boss mo. Anong lahi?

MILES: Mga Chinese po

Q: Saan kayo sa Cambodia?

MILES: Sa Kep province po sa Cambodia po boundary po ng Vietnam saka Cambodia, dulo na po siya talaga.

Q: Pwede mo bang idescribe kung saan yung parang office nyo doon, anong itsura ng saan kayo nagtatrabaho? Doon din ba kayo natutulog? Ano yung mga working conditions?

MILES: Yung working condition po namin ung office po nain nasa baba po siya at marami po kaming gamit na cellphone gamit pangtext at saka panghanap na po ng iba pang kliyente tapos mayroon din po kaming kanya-kanyang PC tapos ang pagtulog po namin sa accommodation, wala naman pong problema po doon, kasi sa taas naman po kami ang problema lang po namin ay pagkain hindi po namin makain.

Q: Tama ba, mahaba ba yung araw nyo, mayroon ba kayong mga break?

MILES: Noong una po mayroon po kaming mga break pero nung bandang mga december na po inaalis na po nila unti-unti dahil po kapag wala ka pong nakukuhang kliyente kasi humina na po yung kitaan nila ginagawa po nila pinag-oot po nila kami ng 16 hours po wala pong tulog.

Q: Pero ano yun 6 days a week, or 7 days a week?

MILES: 7 days a week po

Q: Okay 7 days a week naku tapos ano ba kayo parang sinasaktan o may narinig ka bang, kung di man ikaw, mayroon ka bang kasamang nasaktan?

MILES: Mayroon po akong naexperience, nakita ko po mismo at saka narinig ko pong kinuryente.

Q: Ibig sabihin hindi mo naexperience personal pero nawitness mo?

MILES: Opo. Totoo po

Q: Pero kasama mong empleyado yung kinukuryente?

MILES: Opo mayroon po.

Q: Tapos so bale balik lang ako pag nakachat nyo na sila yung mga amerikano, amerikano lang? walang ibang lahi?

MILES: May ibang lahi rin po may mga taga Canada, Singapore ganoon po.

Q: Parang foreigner ganon?

MILES: Opo

Q: Pagkatapos, anong end noon, anong end game? Saan papunta?

MILES: Pagkatapos po noon pag nagreply na po, kailangan nyo pong makipagkaibigan. Kapag nakuha nyo na po kung details po anong trabaho, itatransfer nyo na po sa WhatsApp

Q: Kumbaga paano sila naloloko?

MILES: Yung first three days nyo po, may step po kasi yan. Step 1-3 parang magkukwentuhan muna kayo, isheshare mo yung buhay mo sa kanya business mo, tapos yung pangatlong araw magsheshare ka kung ano yung pinagkakakitaan mo lalo kang nageearn hanggang sa ayain mo siyang mag-invest sa platform.

Q: Anong platform? Parang crypto?

MILES: Crypto po

Q: Ganoon din sa Myanmar ano. Dumating ka sa Cambodia kailan?

MILES: October po

Q: Ah October, bago pa ito nung hearing kung saan nilantad ni Senator Risa yung ano ang nangyayari sa Myanmar. Pero paano ba nakakarating yung mga Pilipino sa Cambodia? Paano yun kasi siguro maraming naooffload, di ba? Or ano yung ginagawa nila?

MILES: May ibang way po yung isa naming kasama at saka yung sa office po namin. Ang ginagawa po nila binaback door nila, na hindi rin po alam ng ibang nagapply na ibabackdoor sila. Malalaman na lang nila kapag andoon na...

Q: Pero ikaw mismo ang daan mo is?

MILES: NAIA po, sa NAIA po.

Q: NAIA to?

MILES: To Thailand

Q: To Thailand, tapos from Thailand?

MILES: Going to Cambodia

Q: Going to Cambodia ano sasakyan? O eroplano?

MILES: Nag-van po

Q: May van

MILES: Opo

Q: Pero October yun pero nitong mga December or mga later pumasok sayo, hindi na sa NAIA?

MILES: Hindi na

Q: Iba na?

MILES: Hindi na po sa NAIA, mayroon po sa Clark. Ang una po sa Clark may escort po sila na immigration may agent po doon na nagbubook ng ticket at may contact na po doon sa mismo immigration officer, hindi na po iniinterview wala na rin pong documents na hinihingi basta tinatatakan na lang po diretso.

Q: Clark airport ito

MILES: Opo

Q: Parang dumadaan sila sa -- parang may escort, ganoon ba?

MILES: Opo, mayroon po

Q: Tapos yung escort na yun, paano ituturo ka kung saan?

MILES: Opo ituturo kung anong booth ka pipila, igaguide ka nila. Bago ka po muna magflight papapuntahin ka muna sa bahay nila. Kapag andun na kayo sa bahay nila, ipaparactie po kayo tapos kung anong gagawin anong sasabihin. Pagkatapos po non saka na po kayo sasabak sa Clark para pumila po doon sa naka scheduled na Immigration Officer.

Q: Paano mo to nalaman kasi ikaw hindi ka dumaan dyan?

MILES: Kasi po natanggal po ako sa pagiging agent kasi hindi ko po nahihit yung goal dahil ayoko nga pong gawin yung pinapagawa nila. Inilipat po nila ako sa recruitment. Noong doon na po ako sa recruitment doon ko po nasaksihan kung paano sila magpapasok ng tao sa Cambodia. ###